Mapagkukunan ng impormasyon para sa mga manggagawa ng international agri-food

Alamin ang mga mapagkukunan impormasyon para sa mga internasyonal na manggagawa sa agri-food, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga programa, iyong mga karapatan, kaligtasan at higit pa.

1. Bago ka pumunta sa Ontario
2. Pagdating mo sa Ontario
3. Ang iyong mga karapatan at kaligtasan sa lugar ng trabaho
4. Pag-access sa health care
5. Pag-aadjust sa buhay sa Ontario
6. Paghahanap ng suporta
7. Bago ka umalis sa Ontario

Pag-access sa healthcare

Alamin kung paano makahanap ng mga healthcare services, kung saan makakakuha ng mga gamot o magpabakuna, at kung paano makipag-usap nang kumpidensyal sa isang health professional online sa Ang Iyong Kalusugan.

Maghanap ng mga serbisyong telehealth at mga health clinics sa inyong lugar.

Pagiging kwalipikado sa Plano ng Seguro sa Pangkalusugan ng Ontario

Ang Ontario Health Insurance Plan (OHIP) ay nagbabayad para sa marami sa mga healthcare services na maaaring kailanganin mo habang nagtatrabaho at naninirahan sa Ontario. Dapat ay mayroon kang health card sa Ontario upang ma-access ang mga serbisyong ito nang walang bayad. Matuto nang higit pa sa pamamagitan ng pagtawag sa ServiceOntario Health INFOline sa 1-866-532-3161.

Mental health and wellness

Kung ikaw o ang isang kakilala mo ay nag-iisip tungkol sa pagpapakamatay at nangangailangan ng agarang tulong, mangyaring tumawag sa 9-1-1 o makipag-usap kaagad sa isang tao sa 988 Suicide Crisis Helpline sa pamamagitan ng pagtawag o pag-text sa 9-8-8 (1-800-273-8255). Makakatanggap ng tulong 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Nakatuon ang Ontario sa pagsuporta sa kalusugan at kagalingan ng lahat ng manggagawa sa agri-food.

May mga kumpidensyal na programa na nakakaintindi sa mga natatanging hamong nararanasan ng komunidad ng agrikultura na magagamit upang matulungan kang pamahalaan ang stress at ang mga hamon ng pagiging malayo sa bayan.

Ang Farmer Wellness Initiative ay isang libre at unlimited counselling at support line na magagamit ng lahat ng manggagawa sa agrikultura. Walang waitlist para sa serbisyo, hindi kinakailangan ang referral sa healthcare, at ang suporta sa intake at krisis ay magagamit 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, sa English, French at Spanish. Tumawag anumang oras sa 1-866-267-6255.

Ang International Agricultural Worker Wellness Program ay nag-uugnay sa mga manggagawa sa mga rehiyon ng Windsor-Essex at Brant-Haldimand-Norfolk sa mga mapagkukunan para sa mental at pisikal wellness upang matiyak na sila ay sinusuportahan habang naninirahan at nagtatrabaho sa Ontario. Ikonsidera ang pagdalo sa mga workshop na tumatagal ng 1 oras upang magbahagi ng mga karanasan sa ibang mga manggagawa sa inyong lugar upang makatulong sa pagbuo ng komunidad at pagbawas ng mga pakiramdam ng pag-iisa.

Drugs, alcohol and the workplace

Unawain ang mga panganib at parusa ng pagiging may kapansanan habang nagtatrabaho. Maghanap ng mga serbisyo sa mental health at adiksyon sa iyong komunidad.

Public Health Units

Nag-aalok ang mga Public Health Unit ng impormasyon sa pag-iwas sa sakit at mga programa tulad ng edukasyon sa kalusugan, suporta sa kalusugang sekswal, edukasyon sa pagiging magulang, at mga pagbabakuna (maaaring mag-iba ang mga serbisyo depende sa lokasyon).

Hanapin ang iyong lokal na Public Health Unit dito.

Community Health Centres

Ang mga Community Health Center ay nagbibigay ng pangunahing healthcare at nag-aalok ng malawak na hanay ng mga health services sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga hadlang sa pag-access tulad ng mga hamon sa wika o kawalan ng health insurance.

Mayroong 75 community health centres sa buong Ontario.

Hanapin ang iyong lokal na Community Health Centre dito.